

3.1.8 Pagtigil ng Serbisyo

3.1.8.1 Kahilingan ng Customer Para sa Pagtigil ng Serbisyo.

Ang pagtigil ng serbisyo ay maaaring maisagawa anumang oras sa loob ng taon sa nakasulat na kahilingan ng customer kung ang naturang serbisyo at ang account para sa serbisyo ng naturang customer ay pangkasalukuyan at bayad nang buo sa oras ng kahilingan ng pagtigil. Ang nakasulat na kahilingan para sa naturang pagtigil ay maaaring isagawa ng customer sa isang anyo ng kahilingan para sa pagtigil ng serbisyo na ipagkakaloob ng Distrito at sa wala ng ibang paraan pa. Sa naturang paghiling ng pagtigil ng serbisyo, ang water meter na nagseserbisyo sa mga lugar kung saan ang pagtigil ay hiniling ay matatanggal sa mga naturang lugar at ang serbisyo ng tubig ay papatayin sa water main na nagseserbisyo sa mga naturang lugar. Isang reinstatement o reconnection charge na Dalawang Daan at Pitumpu't Limang Dolyar (\$275.00) para sa 5/8" x 3/4" metro, isang buond 3/4" metro o 1" metro ay gagawin at kokolektahin bago ang reinstatement o pagpapanibago ng serbisyo alinsunod sa hiniling na pagtigil ng serbisyo.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989; binago ng Res. 353, Hunyo 20, 2006.)

3.1.8.2 Ang Hindi Pagbabayad ng Bills.

(a) Napapailalim sa mga kondisyon ng subsections (b), (c) at (d) sa ibaba, kung ang account at hindi pa bayad ng buo sa o bago ang ika-animnapung (60th) araw alinsunod sa takdang petsa ng bill, ang serbisyo ay maaaring ipasuspinde dahil sa hindi pagbayad at ang late payment penalty na Siyamnapung Dolyar (\$90.00) ay sisingilin at idaragdag sa water bill at kokolektahin bago ibalik ang serbisyo ng tubig. Ang hindi pagtanggap ng bill ay hindi ikapapawi ng customer ng kanyang pananagutan. Ang anumang halagang dapat bayaran ay ituturing bilang utang sa Distrito at sa sino mang tao, kompanya o korporasyon, at ang pagbiga, pagpapabaya o pagtanggap magbayad ng naturang utang ay mananagot sa isang aksyon sa ngalan ng Distrito sa kahit saang hukuman ng karampatang hurisdiksyon para sa naturang halaga.

(b) Bago ang pagputol ng serbisyo dulot ng hindi pagbabayad, kailangang mag-alok Distrito sa customer ng isa o higit pa sa mga sumusunod na pagpipilian:

- Amortization ng mga hindi bayad na balanse sa loob ng hindi tataas sa anim (6) na buwan.
- Pakikilahok sa mga alternatibong schedule ng pagbayad.
- Ang bahagya o buong pagbawas sa mga hindi bayad na balanse na

tinustusan ng walang karagdagang singil sa mga ibang ratepayers.

- Pansamantalang deferral ng pagbabayad.

(c) Kung ang customer ay hindi nakasunod sa isang alternatibong pag-aayos sa pagbayad para sa mga delinquent sa singil sa 60 araw o higit pa, o kung, habang isinasagawa ang isang alternatibong pag-aayos sa pagbayad, ang customer ay hindi nagbabayad ng kanyang kasalukuyang singil para sa serbisyong pantirahan sa 60 araw o higit pa, ang serbisyo sa tubig ay maaaring ipatigil ng Distrito.

(d) Ang mga customer ay hindi maaaring putulan dahil sa hindi pagbayad kung LAHAT ng mga sumusunod na kondisyon ay natugunan;

- Ang isang lisensyadong primary care provider ay nagpapatunay na ang pagtigil ng serbisyo ng tubig ay magdudulot ng seryoso o potensyal na nakamamatay na banta sa isang residente.
- Ang customer ay may kawalan ng kakayahang magbayad ayon sa pagtanggap ng tulong publiko ng isang tao sa pamilya (CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children) o ang pagdeklara mula sa customer na ang pamilya ay mababa pa sa 200 porsyento ng antas ng kahirapan sa pederal.
- Ang customer ay nagpapakita ng kawalan ng kakayahang magbayad at ang customer ay pumapayag na pumasok sa isang alternatibong pag-aayos sa pagbayad.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989; binago ng Res. 350, Marso 28, 2006; binago ng Res. 457, Enero 21, 2020.)

3.1.8.3 Sampung Araw na Notice at Karapatan sa Pakikipagkumpetensya.

Hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang suspension ng serbisyo ng tubig ng isang customer dahil sa hindi pagbayad ng bill sa tubig, ipagbibigay-alam ng Distrito sa customer sa pamamagitan ng notice na ipinadala, postage prepaid, sa customer kung kanino ang serbisyo ay nakapangalan. Ang naturang notice ay hindi ipadadala ng mas maaga sa labinsiyam (19) na araw mula sa araw ng pagpapadala ng bill para sa serbisyo ng Distrito, at ang 10-araw na panahon ay hindi magsisimula hanggang limang (5) araw makalipas ang pagpapadala ng notice. Ang ipapadalang notice ay isasama lahat ng mga sumusunod na impormasyon:

- (a) Ang pangalan at tirahan ng customer na ang account ay delinquent.
- (b) Ang halaga ng delinquency.
- (c) Ang petsa kung kalian ang pagbabayad o mga pag-aayos para sa pagbayad ay kinakailangan upang maiwasan ang suspension ng serbisyo ng tubig.
- (d) Ang pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring magpasimula ng reklamo o humiling ng imbestigasyon tungkol sa serbisyo o mga singil.
- (e) Ang pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring humiling ng amortization ng mga hindi pa bayad na singil.
- (f) Ang pamamaraan para sa customer upang makakuha ng impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng tulong pinansyal, kabilang ang mga pribado, local, estado o pederal na serbisyo.
- (g) Ang numero ng telepono ng isang kinatawan ng Distrito na makakapagbigay ng karagdagang impormasyon o kaayusan ng institusyon para sa pagbabayad.

Kung ang Distrito ay hindi nakatanggap ng bayad bago ang oras na ang pitong araw na notice ay ibibigay (bilang kinakailangan sa ilalim ng section 3.1.8.4) isang hang notice at delinquency charge sa halagang \$15.00 o 7% ng hindi pa bayad na balanse sa bill ng customer, anuman ang mas malaki, ay idaragdag sa account. Ang araw kung kalian ang hang notice at delinquency charge ay idaragdag sa bill at ang halaga ng singil ay isasama sa ipapadalang notice. Kung pipiliin ng customer na ilaban ang desisyon na isuspinde ang serbisyo, ang customer ay bibigyan ng pagkakataong gawin ito bago ang pagsuspinde ng serbisyo sa isang hearing na isasagawa ng Tagapamahala ng Distrito o ang kanyang designee.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989; binago ng Res. 350, Marso 28, 2006; binago ng Res. 457, Enero 21, 2020.)

3.1.8.4 Pitong Araw na Notice.

Ang Distrito ay gagawa ng makatwiran at mabuting pananampalatayang pagsisikap upang makipag-ugnayan sa isang matandang tao na naninirahan sa lugar ng customer sa pamamagitan ng telepono o sa personal ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagsuspinde ng serbisyo sa tubig ng customer. Kabilang sa naturang pitong-araw na notice ang mga bagay ng impormasyon sa section 3.1.8.3 (a), (b), (c), (f) at (g) sa itaas.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989; binago ng Res. 457, Enero 21, 2020.)

3.1.8.5 Regular na Oras ng Trabaho.

Ang mga pagbabayad tatanggapin lamang sa Opisina ng Distrito sa loob ng regular na oras ng trabaho, sa pamamagitan ng Serbisyo sa Postal ng U.S. o sa mail drop para sa mga after hours na pagbabayad sa Opisina ng Distrito. Ang mga tauhan ng Distrito ay hindi awtorisadong tumanggap ng bayad sa opisina, at ang serbisyo sa tubig ay maibabalik lamang sa loob ng oras ng opisina maliban kung ang mga paunang pag-aayos ay isinagawa kasama ang Opisina ng Distrito.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.6 Koleksyon Ayon sa Suit.

Lahat ng mga hindi bayad na kabayaran at singil at mga penalty na ibinigay dito ay maaaring kolektahin sa pamamagitan ng suit at ang nasasakdal ay nangangailangang bayaran ang lahat ng mga gastusin ng suit sa anumang paghuhusga sa pabor ng Distrito.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.7 Mga Ibinalik na Tseke.

Kung ang tseke ng customer para sa pagbabayad ng account ng customer ay hindi pinarangalan sa anupamang dahilan ng bangko ng customer at hindi maaaring ma-redeposit, ang halaga ng naturang tseke, kasama ang Returned Check Service Fee na Tatlumpu't Limang Dolyar (\$35.00) ay sisingilin sa account ng customer at ang customer ay bibigyan ng notice para i-remit ang kabayaran sa salapi, isang tseke ng cashier o isang money order sa loob ng limang (5) araw. Kung ang naturang kabayaran ay hindi naisagawa sa loob ng limang (5) araw na panahon, ang serbisyo ng tubig ay isususpende dahil sa hindi pagbayad sa 3.1.8.2 sa itaas hanggang ang kabuuang bayarin ng nakaraan ay nabayaran na. Ang pagbayad ng anumang naaangkop na penalty sa singil ay kailangan ding sa anyo ng salapi, tseke ng cashier o money order.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, January 19, 1989; binago ng Res. 312, Section 1, Pebrero 16, 1999; binago ng Res. 457, Enero 21, 2020.)

3.1.8.8 Hindi Ligtas na Aparato at Cross-Connections.

Ang serbisyo sa tubig ay maaaring itanggi o itigil sa anumang lugar kung saan ang mga aparato o kagamitan ay ginagamit na maaaring maipanganib o maabala ang serbisyo sa ibang mga customer. Ang serbisyo sa tubig ay maaaring itanggi o itigil sa anumang lugar kung saan may cross-connection sa paglabag sa mga Patakaran at Regulasyon o sa anumang Pamantayan ng Departamento ng Kalusugan ng Estado.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.9 Panloloko o Pang-aabuso

Ang serbisyo sa tubig ay maaaring ipatigil kung kinakailangan upang maprotektahan ang Distrito laban sa panloloko o pang-aabuso.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.10 Hindi Pagsunod.

Ang serbisyo sa tubig ay maaaring ipatigil dahil sa hindi pagsunod sa anumang Patakaran at Regulasyon ng Distrito para sa serbisyo sa tubig.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.11 Pagtatala ng Lien.

Kung ang statement ng delinquent charges at lahat ng mga penalties at iba pang mga singil na naipon tulad ng ibinigay dito, ang naturang statement ay itatala at matapos itong itala, ang kapareho ay bubuo ng lien sa totoong pag-aari na natanggap o tatanggap ng serbisyo, hindi kabilang ang pag-aari ng publiko. Ang naturang lien ay magpapatuloy hangga't ang mga singil at lahat ng mga penalty ay nabayaran ng buo o ang pag-aari ay naibenta upang masiyahan ang lien. Ang pinakamababang singil ay tuluyang maiipon sa loob ng panahon ng hindi pagbayad. Ang pahayag ay dapat maglaman ng County Assessor's Parcel Number ng pag-aari na pinagsisilbihan, ang pangalan ng may-ari at ang huling kilalang mailing address, ang halaga ng mga singil at mga penalty na naipon sa araw ng pagtatala at ang section ng State Water Code na nagbibigay ng awtoridad na mag-file ng naturag lien. Ang pahayag ay isasakatuparan ng Tagapamahala ng Distrito at ang kanyang lagda ay kikilalanin. Ang pahayag ay dapat i-file kasama ang County Recorder of San Bernardino County, California at nangangailangan ng kaparehong lakas, epekto, prioridad at tagal ng abstract ng paghatol laban sa may-ari ng totoong pag-aari at maaaring ipatupad sa parehong paraan.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 245, Enero 19, 1989.)

3.1.8.12 Ang Pagtigil ng Serbisyo sa Maramihang Unit na Istruktura at Mobilehome na Parke.

Tuwing ang Distrito ay magbibigay ng serbisyo ng tubig sa pamamagitan ng master meter sa isang maramihang unit na pantirahang istruktura o mobilehome na parke at ang customer of record para sa naturang serbisyo ay hindi nakapagbayad sa tamang oras para sa serbisyo, maaaring ipatigil ng Distrito ang naturang serbisyo alinsunod sa mga probisyon ng Section 3.1.8 na ito; kung, gayunpaman, ang Distrito ay gagawa ng mabuting pagsisikap ng pananampalataya na bigyang alam ang mga aktwal na gumagamit ng serbisyo, na kapag ang account ay may mga atraso, sa pamamagitan ng notice, ang serbisyo ay ipatitigil sa sampung (10) araw. Ang notice ay

karagdagang magpapaalam sa mga aktwal na gumagamit na sila ay may karapatang makipag-ayos para sa patuloy na serbisyo ng tubig mula sa Distrito ng hindi kinakailangang magbayad ng amount due sa delinquent na account kung isa o higit pa sa mga aktwal na gumagamit ay pumapayag at may kakayahang umako ng responsibilidad para sa buong account, sa kasiyahan ng Distrito. Sa pinakamababa, ang Distrito ay nangangailangan ng (1) kasunduan ng mga aktwal na gumagamit na sumunod sa lahat ng mga Patakaran at Regulasyon ng Distrito Para Sa Serbisyo ng Tubig, at (2) ang paunang bayad na katumbas ng halaga ng dalawang buwang average na pagsingil para sa naturang serbisyo, na ang naturang halaga ay tinutukoy ng Distrito, o ipakita sa kasiyahan ng Tagapamahala ng Distrito, o sa kanyang designee, na ang naturang aktwal na gumagamit o mga gumagamit at may kakayahang magbayad ng average monthly bill sa tamang oras para sa naturang serbisyo.

(Res. 200, Marso 11, 1982; binago ng Res. 276, Setyembre 24, 1992.)